



Departamento ng Occupational Therapy

Paraplegic na Pang-itaas na Biyas sa mga

Pasyente ng Stroke

Rehabilitasyon at Pangangalaga

Otoridad ng Ospital

Komite ng Pagsasaayos – Antas (Occupational Therapy)

Grupo ng Nagtatrabaho sa Stroke



Sa mga maagang yugto ng stroke, ang kawalang tensyon sa kalamnana ng hemiplegic na pang itaas na biyas o ang walang koordinasyong pagbuo ng tensyon sa iba't ibang mga grupo ng kalamnan ay madalas nagdudulot ng subluxation ng dugtungan ng balikat, kung saan, kasama ng hindi tamang pamamahala, ay madalas na nagreresulta sa labis na sakit sa balikat, na nakakaapekto sa pang-araw araw na aktibidad, tulog, at pati na ang buong programa ng rehabilitasyon.

Ang Sakit sa Balikat ay Kadalasang dulot ng mga sumusunod na kadahilanan

(i) Trauma

Pagkatapos ng stroke, maaaring magkaroon ng iba't ibang antas ng tensyon sa iba't ibang kalamnan, na nagreresulta sa kawalang koordinasyon ng paggalaw ng scapula. Sa kasong ito, ang hindi tamang pagkilos o pag-ehersisyo ay maaaring bumanat sa paraplegic na pantaas na biyas, na nagdudulot ng pinasala sa dugtungan ng balikat, na syang nagreresulta sa pamamaga at masakit na pamamaga ng pinagsamang tissue.

(ii) Hindi tamang postura

Ang hindi tamang posisyon, hal. paglagay ng paraplegic na pantaas na biyas sa may balikat, ay maaaring magdulot ng sakit sa balikat.

(iii) Walang Pagkilos

Ang kawalang pagkilos sa apektadong biyas, tulad ng paghawak sa pseudo-paralisadong braso ng mahigpit, ay maaaring makapagpabaagal ng sirkulasyon ng dugo sa kamay, at kung gayon ay nakakaapekto sa normal na paggawa ng autonomic nervous system. Ang mga malalang kaso ay maaaring magdulot sa "shoulder-hand syndrome" o tumigas na balikat.

Kung gayon, ang pagkatutuo kung paano pamahalaan ang apektadong biyas pagkatapos ng stoke ay maaaring makapagbigay benepisyo sa paggaling ng pasyente.



Mga Gabay:

(i) Tamang posisyon ng katawan

1.) Posisyong patulog

Humiga sa malinis na lalagyan ito on your healthy side

1. Suportahan ang braso at kamay gamit ang unan, abutin ang harap hangga't kaya, panatilihing nakatuwid ang siko nang hindi lumalaylay ang kamay sa gilid ng unan;
2. Ilagay ang kamay ng malusog na bahagi sa komportableng posisyon

Supine

1. Habang nasa tuwid na linya ang ulo at dibdib, ilagay ang unan sa ilalim ng ulo at balikat;
2. And balikat ng apektadong bahagi ay nakalagay sa mas mataas na lugar kaysa malusog na bahagi, habang ang palad ng kamay ay nakaharap pataas

2.) Paupong Posisyon

1. Kailangang nakabalanse ang bigat ng katawan sa parehong balakang, at hindi nakaupo sa isang gilid;
2. Ang likod ay kailangang nakatuwid at ang mga bisig ay nakadantay ng tuwid sa mesa.

(ii) Naaangkop na paraan ng pagbuhat at paghawak

1. Ilagay ang sumusuportang kamay sa paypay ng paraplegic na bahagi;
2. Ilagay ang kabilang kamay sa dugtungan ng balakang sa malusog na bahagi;
3. Hawakan ang tuhod ng paraplegic na bahagi;
4. Gabayan ang pasyente na sumandal pasulong at tumayo.

(iii) Gamitin ang apektadong biyas para sa araw araw na mga aktibidad

Maaaring muling makuha ang mga pasyente ang paggana ng katawan na nawala sa kanila sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga pang-araw araw na aktibidad.

1.) Pagkain at Pag-inom

2.) Pag-aayos

Kung ang apektadong biyas ay hindi gumagalaw, maaaring gamitin ng pasyente ang pang-itaas na biyas ng paraplegic na bahagi upang suportahan ang katawan habang ginagawa ang pang-araw araw na Gawain upang mabalanse ang tensyon ng kalamnan



at pangasiwaan ang paggalaw ng apektadong biyas. (Kaliwang paraplegic na bahagi)
3.) Pagpunas ng mesa

Kung bahagyang nakakagalaw ang apektadong biyas, kailangang gamitin ito ng madalas ng pasyente para sa mas direktang paggamit sa mga pang-araw araw na katibidad (kaliwang paraplegic na bahagi)

4.) Paghuhugas ng apektadong kamay

Ang uri ng aktibidad na ito ay nakakatulong sa pasyente na maging mas may kamalayan sa kanyang apektadong biyas (kaliwang paraplegic na bahagi)

Ang mga nasa itaas ay pangkalahatang ideya at mga prinsipyo. Kung kailangan mo ng iba pang impormasyon o mayroong mga katanungan, mangyaring tawagan ang iyong occupational therapist.